

# Kagawaran ng Kalusugan at Serbisyong Pantao Pahintulot sa AD ng Dibisyon ng Kapansanan sa Pag-unlad: Bahagi ng Magulang

Hulyo 2024

# NEBRASKA

Good Life. Great Mission.

## Bahagi ng Magulang

Ang Karagdagang Pangangalaga para sa mga Bata na May Kapansanan, ang serbisyo sa pangangalaga ng bata sa Pahintulot sa Matanda at May Kapansanan (AD), ay nagbibigay ng espesyal na pangangalaga na kinakailangan para sa mga pahintulot sa mga kalahok na may edad na 18 at mas mababa.

Ang magulang o tagapag-alaga ay may pananagutan sa pagbabayad ng mga gastos sa pangkaraniwang pangangalaga sa bata nang direkta sa tagapagbigay bilang kanilang bahagi ng mga magulang sa mga bayarin. Ang PAHINTULOT SA AD ay hindi nagbibigay ng pangkaraniwang pangangalaga sa bata ngunit sumasaklaw sa karagdagang gastos ng pangangalaga para sa mga pangangailangan sa pisikal, medikal, o personal na pangangalaga ng kalahok dahil sa kanilang kapansanan.

Ang mga rate ng pang-araw-araw na pangangalaga sa bata ay itinatakda batay sa Nebraska Child Care Subsidy Program at sa mga resulta ng Nebraska Child Care Market Rate Survey.

Ang Nebraska Child Care Market Rate Survey ay makukuha sa Nebraska DHHS website: <https://dhhs.ne.gov/Pages/Market-Rate-Survey.aspx>.

### MAHALAGANG PUNTO

- **PANANAGUTAN NG MGA MAGULANG ANG GASTOS NG PANG-ARAW-ARAW NA PANGANGALAGA SA MGA BATA.**
- **ANG PAHINTULOT SA AD ANG NAGBABAYAD PARA SA KINAKAILANGANG KARAGDAGANG PANGANGALAGA.**
- **ANG KARANIWANG SINGIL PARA SA PANGANGALAGA NG BATA AY TINITIYAK MULA SA KASALUKUYANG SURVEY NG SINGIL SA MERKADO PARA SA PANGANGALAGA NG BATA SA NEBRASKA.**

### Bahagi ng Magulang na Singil - mula noong 8/1/2024

	Sanggol		Batang maliliit		Preschool		Edad ng Pag-aaral	
	Oras Singil	Araw Singil	Oras Singil	Araw Singil	Oras Singil	Araw Singil	Oras Singil	Araw Singil
<b>Mga Panlungsod na Lalawigan - Lancaster, Dakota, Douglas, Sarpy</b>								
Mga Lisensyadong Bahay sa Pag-aalaga sa Bata ng Pamilya I at II	\$4.49	\$35.50	\$4.44	\$35.00	\$4.46	\$35.00	\$4.44	\$33.00
Mga Lisensyadong Sentro ng Pangangalaga sa mga Bata	\$6.50	\$58.25	\$6.38	\$51.50	\$6.15	\$46.51	\$5.73	\$40.00
Hindi Kinakailangan Lisensiya ng mga Bahay sa Pag-aalaga sa Bata ng Pamilya	\$2.50	\$16.50	\$2.50	\$16.50	\$2.50	\$16.50	\$2.50	\$16.50
<b>Panglungsod - Lahat ng Iba pang mga Lalawigan</b>								
Mga Lisensyadong Bahay sa Pag-aalaga sa Bata ng Pamilya I at II	\$3.25	\$30.25	\$3.25	\$30.00	\$3.25	\$30.00	\$3.25	\$30.00
Mga Lisensyadong Sentro ng Pangangalaga sa mga Bata	\$4.35	\$36.80	\$4.35	\$35.00	\$4.35	\$34.30	\$4.35	\$35.75
Hindi Kinakailangan Lisensiya ng mga Bahay sa Pag-aalaga sa Bata ng Pamilya	\$2.50	\$14.90	\$2.50	\$14.90	\$2.50	\$14.90	\$2.50	\$14.90
<b>Lahat ng mga Lalawigan</b>								
Walang Kinakailangan na Lisensiya na Tagapagbigay ng Pamilyang Nasa-Bahay	\$2.50	n/a*	\$2.50	n/a*	\$2.50	n/a*	\$2.50	n/a*

\*Ang Nasa-Bahay ay sisingilin kada oras lamang.

## Edad ng Bata

Sanggol	Kapanganakan hanggang sa 18 na buwan
Batang maliliit	18 hanggang 36 na buwan
Preschool	36 na buwan hanggang sa Kindergarten
Edad ng Pag-aaral	Kindergarten hanggang sa edad na 12 taong gulang
13 na taon +	n/a*

\*Walang bahagi ng magulang dahil ang pag-aalaga ng bata sa edad na 13 taon at higit pa ay hindi pangkaraniwang gawain.

## Uri ng Tagapagbigay

Independiyenteng Tagapagbigay	Singil sa Hindi Kinailangan ng Lisensiya na Tahanan ng Pangangalaga ng Bata ng Pamilya.
Lisensyadong Tagapagbigay	Ang singil ay batay sa uri ng lisensiya.
Tagapagbigay na Ahensiya	Singil ng Lisensyadong Sentro ng Pag-aalaga sa Bata.

Sa Nebraska, ang sinumang nagbibigay ng pag-aalaga sa apat o higit pang bata mula sa iba't ibang pamilya ay dapat na lisensyado bilang tagapag-alaga ng bata.

Ang mga karaniwang singil ng pag-aalaga ng bata, o bahagi ng magulang ay itinakda sa 75<sup>th</sup> porsyento ng kasalukuyang Singil sa Merkado na Survey hanggang Hunyo 30, 2025, tulad ng nakasaad sa Legislative Bill (LB) 1011. Ang mga singil ay hindi maaaring lumampas sa 75<sup>th</sup> na porsyento, ayon sa Nebraska Revised State Statute § 43-536.

## Singil sa Merkado na Survey sa Pag-aalaga ng Bata sa Nebraska

Ang survey na ito ay nagtipon ng datos mula sa lahat ng mga lisensyadong tagapagbigay ng pangangalaga sa bata sa Nebraska upang matukoy ang mga singil ng pribadong pagbabayad sa pangangalaga sa bata para sa mga bata na may o walang mga pangangailangan sa medikal at pag-uugali.

Ang 2023 survey ay nakamit ang kinakailangang mga sukatan ng estado at pederal: (a) kasama ang presyo ng merkado sa pag-aalaga ng bata; (b) nagbibigay ng kumpleto at kasalukuyang datos; (c) kumakatawan sa mga pagkakaiba-iba sa heograpiya; (d) gumagamit ng mahigpit na mga pamamaraan sa pagkolekta ng datos; at (e) sinusuri ang datos sa isang paraan na kinukuha ang mga pagkakaiba-iba sa merkado bilang isang tungkulin ng pangkat ng edad, uri ng tagapagbigay, at heograpikal na lokasyon.

## Mga Naaangkop na Batas at Regulasyon

### Titulo 480 ng Nebraska Administrative Code 4-003.05(A)

Ang mga Singil para sa Dagdag na Pag-aalaga sa Bata para sa mga Bata na May Kapansanan ay itinakda ng Kagawaran. Ang magulang o ang pangunahing tagapag-alaga ng bata ang responsable para sa pangkaraniwang gastos ng pangangalaga sa bata. Ang halagang iyon ay tinutukoy ng mga singil ng tagapagbigay na inilathala ng Child Care Subsidy Program sa Titulo 392 para sa pangangalaga na ibinigay sa tahanan o isang sentro ng tagapagbigay. Para sa pag-aalaga na ibinigay sa tahanan ng bata, ang tsart ng singil ng bahay na pangangalaga sa bata ng pamilya na hindi kinakailangan ng lisensiya ay nalalapat sa mga indibidwal na tagapagbigay at ang tsart ng sentro ng pangangalaga sa bata ay nalalapat sa mga tagapagbigay na ahensiya. Ang Kagawaran ay may pananagutan sa pagbabayad ng naaprubahang halaga ng serbisyo na higit pa sa pangunahing halaga ng pangkaraniwang pangangalaga sa bata.

### Nebraska Revised Statute §43-536

Sa pagtukoy sa singil ng isinasauling nagugol para sa pag-aalaga ng bata, susuriin ng Kagawaran ng Kalusugan at Serbisyong Pantao ay dapat susuriin ang mga singil sa merkado at mga gastos para sa pagbibigay ng mga serbisyo ng mga tagapagbigay ng pangangalaga sa bata sa estado. Dapat isaayos ng Kagawaran ang singil ng isinasauling nagugol para sa pag-aalaga ng bata sa bawat di-parehong bilang na taon sa isang singil na hindi mas mababa sa pitumpu't lima na porsyento ng kasalukuyang singil ng merkado.

### 45 Kodigo ng mga Pederal na Regulasyon §98.45(a)

Ang Nangungunang Ahensiya ay magpapatunay na ang mga singil ng pagbabayad para sa pagbibigay ng mga serbisyo sa pag-aalaga ng bata sa ilalim ng bahaging ito ay sapat upang matiyak ang pantay na pag-access, para sa mga karapat-dapat na pamilya sa lugar na pinaglilingkuran ng Nangungunang Ahensiya, sa mga serbisyo sa pag-aalaga ng bata na maihahambing sa mga ibinibigay sa mga pamilya na hindi karapat-dapat na makatanggap ng tulong ng CCDF (Child Care and Development Fund) o tulong sa pag-aalaga ng bata sa ilalim ng anumang iba pang mga programa ng Pederal, Estado, o tribo.